

TOMO XII - ISPESYAL NA ISYU **MARSO 29, 2023**

Mahigpit na tanganan ang mga gintong aral sa armadong paglaban sa isla at kabigin ang laksang Mindoreño sa landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon!

Pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas-Mindoro
Sa okasyon ng ika-54 anibersaryo ng BHB
29 Marso 2023



Ipagdiwang natin ang mahigit limang dekadang magiting na pagsusulong ng armadong pakikibaka na puno ng rebolusyonaryong optimismo at kumpyansa sa lakas ng masa at sa katumpakan ng pambansa-demokratikong programa ng rebolusyon na may sosyalistang perspektiba sa tanglaw ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas - MLM (PKP-MLM).

Nagbibigay pugay tayo sa magigiting na Pulang kumander at mandirigma ng LDGC-NPA-Mindoro sa matatag na pagtataguyod sa pamumuno ng PKP-MLM, sa kanilang di matitinag na kagitingang ipinamalas sa pagharap sa pasistang kaaway, at sa walang hanggang pagpapakasakit para isulong at ipagtanggol ang makauring interes ng masang anakpawis laban sa pagsasamantala at pambubusabos ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Gunitain at bigyan natin ng pinakamataas na parangal ang lahat ng mga bayaning martir na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay para sa dakilang simulain ng pambansang demokrasya at sosyalismo.

Igawad natin ito kina Kasamang Misael "Ka Horik/ Jorah" Ongtangco, Roberto "Ka Owen" Halig at Irene "Ka Giselle" Carias. Sila ang pinakahuling martir ng rebolusyon sa isla ng Mindoro sa taong 2022.

Inilalaan ng mga rebolusyonaryong Mindoreño ang namumukod-tanging parangal at pagpupugay kay Kasamang Jose Maria "Ka Joma" Sison na pumanaw ilang araw bago ang pagdiriwang ng ika 54 anibersaryo ng PKP-MLM. Gawing tanglaw at tularan natin ang kanilang dakilang buhay ng ulirang paglilingkod.

Tumatambad sa atin ang mga kondisyon na nagpapatunay na higit na kailangan ng bansa ang NPA dahil ginagampanan nito ang natatanging papel na pangunahan ang armadong paglaban na naghahawan ng daan upang makapangibabaw ang kapangyarihan ng masa ng sambayanan.

Nakahapag sa atin ang pangangailangang lumaban saan mang dako, anuman ang ating katayuan, anuman ang ating limitasyon at anuman ang ating kakayahan.

Ibigay natin ang buong lakas, ang buong kakayahan upang epektibong malabanan ang ugat ng ating kalagayang kinasasadlakan ngayon. Pinakaepektibo ang armadong paglaban kapag lalakipan natin ito ng iba pang anyo ng paglaban na ligal, malaligal at iligal, hayag at lihim, sa antas pambansa at lokal at sa lahat ng pagkakataon.

Ipukol natin ang pinamakamatitinding dagok sa ilehitimo, anti-mamamayan, pahirap, pasista at maka-dayuhang rehimeng US-Marcos -Duterte bilang naghaharing paksyon na kumakatawan sa interes ng mga panginoong maylupa-malaking burgesya komprador at pangunahing tuta ng mga imperyalistang kapangyarihang nakakubabaw sa bansa. Sila ang mga tagapagtanggol at tagapapagtaguyod ng kaayusang malakolonyal at malapyudal ng bansa at siyang dapat singilin sa sistematikong kaapihan at kahirapan ng sambayanan.

Naghuhumiyaw ang kalagayan sa Mindoro upang matatag nating isulong ang armadong paglaban bilang pinakamataas na anyo ng pakikibakang maaaring ilunsad ng sambayanan.

Binabayo ang isla ng samu't sari at patung-patong na mga problemang nagtutulak sa mga mamamayan na maghanap ng mga solusyon na labas at lampas sa mga reporma at patsi-patsing remedyong inihahapag ng naghaharing uri na nangungunyapit sa kapangyarihan at naghahangad na manatili ang kaayusan sa lipunang Pilipino.

Bulok at bangkarote ang programa ng naghaharing uri. Ang kanilang programa ang dahilan kung bakit lumalala ang kalagayan ng sambayanan lalo na pag-upo ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II sa estado poder.

Mula't sapul ng kanyang panunungkulan, lalong dumapa ang ekonomya at kabuhayan ng mamamayan sa pagratsada ng rehimen ng mga neoliberal na pang-ekonomyang patakaran.

Iniinda ng mamamayang Mindoreño ang bigwas ng neoliberal na patakaran ng inutil na rehimen kasabay na pinabayaan ang agrikultura na siyang gulugod ng ekonomiya sa isla.

Nanganganib ang kabuhayan ng magsasakang Mindoreño sa pagbaha ng imported na bigas, sibuyas, bawang, isda, karne at asin sa mga pamilihan. Resulta nito ang pagsadsad ng presyo ng produktong bukid ng mga magsasaka at mangingisdang Mindoreño.

Tumitindi ang pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa porma ng laganap na kawalan ng lupa, mataas na buwis, mababang pasahod, napakataas na interes sa pautang, atrasadong paraan ng pagsaka't pangisda, mataas na gastos sa produksyon, at kawalan ng suportang pasilidad at serbisyo sa produksyon. Tinatamaan ang buong lipunan ng walang patid na pagtaas ng presyo ng bilihin, at pagtaas ng kabuuang gastos sa mga batayang serbisyong panlipunan.

Asahan ang higit na pagdausdos ng kabuhayan ng Mindoreñong nasa sector ng agrikultura sa pagpasok ng reaksyunaryong gubyerno sa maka-imperyalistang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP). Tiyak na isusulong ng RCEP ang mga tagibang na kasunduan alinsunod sa dikta ng neoliberal na patakaran ng imperyalistang US.

Dagdag pa, sumasagipsip ang epekto ng bulok na programa't patakaran ng estado at ang kapabayaan sa ekonomiya ng isla na lumilikha ng papalaking hanay ng mga Mindoreñong wala o kulang ang hanapbuhay. Ang mga magsasakang kapos ang kabuhayan at nawalan ng lupa ang nagpapalaki sa bilang ng manggagawa at mala-manggagawang walang tiyak o kulang ang trabaho, binabarat ang sahod, at masalimuot ang kalagayan sa paggawa. Nananatili ang bulok na serbisyong sosyal at palyadong tugon ng rehimen sa mga natural na kalamidad at dislokasyon mula sa kalamidad na likhang-tao.

Sa unang kwarto pa lang ng taong 2023, nasadlak na ang kabuhayan ng mga Mindoreño sa pagragasa ng baha mula sa walang patid na pag-ulan na tumama sa mga bayan ng unang distrito ng Oriental Mindoro.

Hindi pa nga lubusang nakakabawi sa pinsalang dulot ng baha, kinaharap naman ng buong isla ang pinakamalaking kalamidad sa karagatan dahil sa pagtagas ng langis mula sa lumubog na barkong MT Princess Empress nito lamang Pebrero 28 na tumatama ngayon sa kabuhayan, kalusugan, at kapaligiran. Pinaralisa nito ang kabuhayan ng may 13,000 mangingisda bukod pa ang apektadong hanapbuhay na kakabit ng industriya sa pangisda ng isla. May pangmatagalang pinsalang dulot ito sa mayamang karagatan ng Mindoro na bahagi ng center of marine biodiversity sa buong mundo.

Tulak ng interes ng mga malalaking PML, MBK at mga burukrata, niratsada ng Provincial Ordinance 145-2022 ang pahintulot sa operasyong quarry sa lalawigan ng Oriental Mindoro, ang programang Tamaraw Reservation and Expansion (TREP) na nanganganib magpalayas sa libu-libong katutubong Mangyan at magsasaka sa kabundukan, at ang pananatili ng kampanyang panunupil ng mapanalasang RTF-ELCAC at berdugong AFP-PNP-MIMAROPA na walang ibang dinulot kundi pinsala sa kabuhayan ng mamamayan at panganib sa kanilang seguridad at buhay.

Nagpupumiglas ang mamamayang Mindoreño para sa makabuluhang pagbabago at pagtugon sa karukhaang dinaranas nila. Ang sumasahol na pang-ekonomyang kalagayan ang nagdudulot ng malawak na disgusto sa hanay ng mamamayang api at pinagsasamantalahan.

Subalit, imbis na resolbahin ang mga suliraning ito upang umalwan ang buhay ng mamamayang naghihirap, isinulong pa ng reaksyunaryong estado ang mga kontra-mamamayang programa at panukala na lalong sumikil sa karapatan ng mamamayan.

Katumbas din ng kalamidad ang hatid sa mga Mindorenõ ng JCP-Kapanatagan na patuloy na tumitindi. Apektado ang kabuhayan at kagalingan ng Mindoreño ng programang kontra-insurhensya ng mga nagdaan at kasalukuyang pasistang rehimen.

Mula 2019, naramdaman na sa Mindoro ang pagpihit ng sitwasyon mula sa maluwag tungo sa mahigpit, mula sa madalang na mga operasyon tungo sa masinsin at sustenido, mula sa mga lokalisado tungo sa mas mataas na antas ng pagpaplano, sabay-sabay at koordinado sa mayor na mga larangan ng isla.

Sa pangunguna ng 203rd Brigade, lumaki ang pwersang AFP at PNP-MIMAROPA na dinala sa Mindoro mula nang idineklarang eye of the storm ang isla.

Umabot na ngayon sa mahigit pitong batalyon ang panagupang pwersa dito na binubuo ng Infantry Battalion (4th, 76th, 68thIB), 23rd Division Reconnaissance Company, 10th Special Action Battalion, MIMAROPA Regional Mobile Force Battalion, ang mga provincial mobile force companies, bukod pa ang mga municipal police force at

Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph

dalawang batalyon ng CAFGU Active Auxilliary. Agresibong nagrerekrut din sa isla ng mga tauhan para sa AFP, PNP at CAFGU. Pinag-ibayo nila ang pagrerekluta maging sa hanay ng mga katutubong Mangyan, sukdulang ibaba ang mga pamantayan sa height, natapos sa pag-aaral at iba pang rekisito.

Idineploy din sa Mindoro ang bagong kagamitang pandigmang pinagbuhusan ng pondo ng nagdaan at kasalukuyang rehimen tulad ng mga Blackhawk helicopter, howitzer, tangke, drones, sasakyang panglupa at pangkaragatan at iba pang bagong lakas-pamutok.

Naging kapansin-pansin ang pagdagsa ng mga sundalong Amerikano sa isla, una sa Lubang Island kung saan ipinakat ang pasilidad para sa Brahmos Missile na binili galing India.

Sa gitna ng kainitan ng isyung oil spill ng MT Princess Empress, tusong naipasok ang mga karagdagang sundalong Amerikano sa tabing ng humanitarian mission sa paglinis ng karagatan. Tumitingkad ang kabuluhan ng Mindoro sa geo-politics sa West Philippine Sea dahil sa tumitinding iringan at agawan ng teritoryo't rekurso ng dambuhalang kapangyarihang US at China.

Ang pihit na ito ay nagpatunay lamang na tumungo na ang digmaan sa ibayong antas ng katindihan. Ang whole of nation approach ng kaaway ay nagpakita ng isang antas ng konsolidasyon ng lahat ng rekursong hawak ng estado upang gamitin hindi lamang sa mga rebolusyonaryo kundi maging sa buong mamamayan.

Gamit ang mga sibilyang burukrasya at mga institusyon para sa kontra insurhensya sa tabing ng programang pangkaunlaran na pinangungunahan ng AFP-PNP, nais ng reaksyunaryong estado na pahinain ang kakayahan ng sambayanan sa paglaban. Nakatuon ang naghaharing uri na ilapat ang mapagpasyang mga sagupaan at ibigay ang pamatay na dagok sa rebolusyonaryong pwersa.

Sa Mindoro, nangahulugan ito ng pagtutok nang mahigit na isang batalyon ng berdugong pwersa sa bawat larangang gerilya sa layuning ihiwalay at durugin ito ng paisa-isa.

Sustenido, masinsin at may maikling pagitan ang mga FMO upang ipagkait sa mga rebolusyonaryong pwersa ang kakayahang makapagkonsolida at magsuporta sa alinmang yunit na napalaban o nasa mayor na pokus ng operasyon. Kaakibat ng mga operasyong paghanap at paglipol, may mantinido itong plano para sa mga namumunong organo ng Partido at Hukbo.

Ang mga RCSPO-ECLIP na isang mahalagang bahagi ng programa sa kontra-insurhensya ay may pagtutok sa mga pamayanan na hinihinalang baseng masa ng rebolusyonaryong kilusan. May partikular na tutok ang marahas, malupit at mapanlinlang na programang ito sa mga lider masa na may kakayahang magtipon ng lakas pampulitika ng hayag na pambansa-demokratikong kilusang masa na nagbabandila ng lehitimo at makatarungang interes at karaingan.

Hindi natin mapapayagan na magtagumpay sila sa imbing layuning wasakin ang maningning na kasaysayan ng pagtatanggol at paglaban ng mga mamamayan sa isla.

Ang tanging paraan upang makapangibabaw sa opensiba ng kaaway ay ang lumaban. Ang masinsin na kampanyang panunupil at paglipol ng reaksyunaryong estado ay lalong nagtutulak sa rebolusyonaryong pwersa na kasama ng masa, harapin at biguin ang imbing pakana ng kaaway sa pamamagitan ng matalino, matama, at pursigidong paglaban.



Upang itaas ang antas ng paglaban at pagtagumpayan ang rebolusyon, kinakailangang panghawakan lalo ng Pulang hukbo ang batayang prinsipyo at taktika sa pagsusulong ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na may papalawak at papalalim na baseng masa.

Marapat lang na magbalik-aral ang Pulang hukbo sa isla sa mahaba at mayaman nitong kasaysayan at karanasan sa pakikidigma. Aralin ang estratehiya at taktika ng kaaway, aralin ang entabladong pinaglalabanan, aralin ang kanyang kapabilidad, kilalanin ang ating sariling kahinaan at lakas at sa bisa ng ating mga batayang prinsipyo ng pakikidigma ay gumawa ng plano sa pagtatanggol.

Tagumpay man nating itinuturing ang pagsalag sa bawat siklo ng operasyon, batid nating hindi ito makasasapat upang tiyakin ang tagumpay na makapag-iipon ng lakas na isang rekisito upang maitaas ang antas ng ating pakikidigma.

Kailangang panghawakan ang inisyatiba sa paglaban at lampasan ang mga balakid at patuloy na pataasin ang kapabilidad. Kailangang pasiglahin ang kakayahan sa paglulunsad ng batayang taktikal na opensibang nilalakipan ng maraming atritibo at ispesyal na mga operasyon.

Gamitin natin ang mga aral at kaalamang nahango sa mayamang karanasan ng pakikihamok sa kaaway upang bigwasan ito sa lahat ng paraan na kayang gawin, sa lahat ng larangan, at lahat ng sulok.

Sa harap ng opensiba ng kaaway, ibayong tatag at husay ang kinakailangan ng Pulang hukbo upang gampanan ang tungkulin nito bilang pangunahing bisig ng Partido sa paghahawan ng landas para mangibabaw ang kapangyarihan ng mamamayan.

Maiigpawan ng rebolusyonaryong hukbo ang ilang pinsalang tinamo nito sa ilang taong sustenidong kampanyang paglipol ng berdugong rehimen kung patataasin nito ang kakayahan ng sarili at ng mga masa sa paglaban.

Patuloy na pataasin ang pampultikang kamulatan, pataasin ang pagkamuhi sa kaaway sa uri at sa lahat ng kanyang galamay, patuloy na magsanay at mag-aral ng pakikidigma at bakahin ang lahat ng mga kahinaan, tunguhin at pag-iisip na natukoy natin sa mga paglalagom upang maiwaksi ang mabigat na batong nakadagan sa ating mga balikat.

Kinakailangang itransporma ang nanunuot na pagkamuhi at galit ng mamamayang Mindoreño sa pahirap at pasistang reaksyunaryong rehimen tungo sa pagputok ng mga militante at masiglang kampanya at paglaban ng mamamayan na naglalaman ng kanilang mga pang-ekonomya at pampulitikang interes.

Gamitin natin ang mga aral at kaalamang nahango sa mayamang karanasan ng pakikihamok sa kaaway upang bigwasan ito sa lahat ng paraan na kayang gawin, sa lahat ng larangan, at lahat ng sulok.

Sa patuloy na pakikihamok ng aping mamamayan para sa kanilang karapatan, lalo lamang nilang mauunawaan at yayakapin ang pambansa-demokratikong programang hatid ng demokratikong rebolusyong bayan. Itutulak nito ang paglaban ng mamamayan sa lahat ng panig: hayag, ligal, mala-ligal, lihim, iligal, at armado.

Hamon sa Pulang hukbo na magsilbing bag-as ng paglaban ng mamamayang Mindoreño mula sa bundok at bukid, tungong poblacion, kabayanan, at kahit tabing-aplaya.

Tangan ang dakilang misyon na wasakin ang armadong galamay ng reaksyunaryong rehimen upang agawin ang kapangyarihang pampulitika, pursigido at matatag na tumutugon ang Pulang hukbo sa hamon ng panahong isikad ang makauring rebolusyon.

Mataba ang lupa at maganda ang senyales ng panahon para sa mga rebolusyonaryo. Ang walang kaparis na krisis na naghaharing uri na tumatambad sa atin ay naghahain ng isang walang kaparis na oportunidad para magkamit ng mabulas na mga tagumpay.

Nararapat lang na sagpangin ang krisis na ito at dalhin ang rebolusyon sa higit na pagsulong, mapagpasyang igpawan ang kahinaan at limitasyon, at idirehe ang digma hanggang sa tagumpay. Ang anumang iaabante ng ating pakikibaka ngayon ay lilingunin ng susunod na henerasyon ng mga rebolusyonaryo bilang mga panandang bato sa kabuuang pagmartsa ng sambayanan tungo sa maaliwalas, makatarungan, malaya at progresibong lipunan.



Mabuhay ang ika-54 anibersaryo ng New People's Army!
Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!
Mamamayang Mindoreño, mag-armas!
Isulong ang digmang bayan hanggang tagumpay!